**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-26 NG ENERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 011-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY BUBUKAL NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANGDAAN WAL[redacted]T ANIM NA LIBO, SIYAMNARAAN PITUMPU'T ANIM AT APATNAPU'T WALONG SENTIMOS (P586,976.48).

**SAPAGKA'T,** ang nabanggit na badyet ay naaaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi at ng Kgg. Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay Bubukal;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Louie C. de Leon, Angelito U. Limjuco, Bernardo E. ison, Miguel M. Asinas, Heidi S. Ciriaco at sa pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay Bubukal na nagkakahalaga ng P586,976.48.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan